



OPISYAL NA PUBLIKASYON NG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

IKA-9 ISYU (FILIPINO)

TAON XIII, BLG. 2 | HULYO - DISYEMBRE 2018

TUMITINDING PASISMO SA NEGROS

EDITORIAL

Ang masaker sa Sagay, Negros Occidental ay hudyat lamang ng mas malaki at sistematikong plano ni Duterte na isapa-loob ang buong isla ng Negros sa mas matinding militarisasyon. Kaakibat nito ang pagtin-di ng paglabag sa karapa-tang pantao lalo na sa mga ordinaryong mamamayan.

Pagkatapos ng masaker, pinatay si Atty. Benjamin Ramos, isa sa mga abugado ng siyam na biktima. Agarang isinisi ng pamahalaan ang masaker sa National Federation of Sugar Workers (NFSW) at pati na rin sa New People's Army (NPA) kahit pa nagsisimula pa lamang ang imbestigasyon. Habang ang pagpatay naman kay Atty. Ben ay isinisi sa pagtulong niya sa mga



magbubukid na nang-aagaw daw ng lupa. Nanawagan si Duterte na ipahuli ang lahat ng mga magbubukid na may kampanyang bungkalan at lahat ng marahas na tumutol sa pag-aresto

ay pwedeng barilin ng mga awtoridad. Ipinataw ni Duterte ang State of Emergency gamit ang Memorandum Order 32 sa

>> PAHINA 2

Luzon-wide Organizers' Training, Inilunsad ng UMA sa Cagayan Valley

Agosto 2018, inilunsad ng UMA ang isang Luzon-wide organizers' training sa Cagayan Valley sa layunin na armas ang mga manggagawang bukid ng kaalaman sa kanilang karapatan para sa nakabubuhay na sahod. Nagsanay ang mga delegado mula sa iba't ibang bahagi ng Luzon hinggil sa pambansang kalagayan, makabayang unyonismo at pagbubuo ng UMA.

Nagkaroon ng talakayan tungkol sa kalagayang pampulitika ng bansa na pinangunahan ni Anakpawis representative Ariel "Ayik" Casilao. Nabuo ang gulugod ng UMA regional chapter. Layunin nitong baguhin sa pamamagitan ng pagkakaisa at pagkilos ang matinding pagsasamantalang dinaranas ng mga agriworkers sa rehiyon.



KUBOL NG MGA MINASAKER NA MANGGAGAWANG BUKID SA NEGROS, OKTUBRE 2018

NEGROS << MULA SA PAHINA 1

Negros Island, Bicol at Samar.

Mas lalong pinatindi ang operasyong militar at pulis sa Negros Oriental. Noong gabi ng Disyembre 26 nagsimula ang Synchronized Enhanced Managing Police Operations (SEMPO).

Sa nasabing operasyon, may hawak na 119 search warrant ang PNP-AFP na karamihan ay sa Guihulngan. Nagresulta ito sa estilong 'tokhang' na pagpatay sa 6 na mga miyembro ng lokal na sangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at PISTON. Kinukonde-na ng mga progresibong organisasyon sa loob at labas ng Negros ang mga sunod-sunod na paglabag sa karapatang pantao sa isla. **U**

TRAIN, TRAIN GO AWAY!!

Sa ikalawang bahagi ng taon, sumirit ang presyo ng mga pangunahing bilihan sa pagpataw ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law (TRAIN). Umabot sa 6.7% ang bilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilihan (inflation rate) noong Setyembre, pinakamataas sa loob ng 9 na taon.

Para sa mga malalaking negosyante at panginoong maylupa na karamihan ay nakaupo sa burukrasya, napakalaki ng pakinabang ng TRAIN. Isang kasinungalingan ito para sa karamihan ng mga magsa-

saka at manggagawa sa agrikultura. Una, wala naman talagang Personal Income Tax na kinakaltas sa kanila. Pangalawa, hindi na nga sumasapat ang mala-aliping sahod ng mga manggagawa sa agrikultura, tumaas pa ang presyo ng mga pangunahing bilihan at serbisyong pampubliko.

Sa 2019, ikinasa ang ikalawang pakete na magdadagdag sa diesel at gasolina ng P2/litro at P1/kilo sa kerosene. Bukod pa ito sa 12% na Value-Added Tax. Sa kabuuan, tinatayang P8.54/litro ang itataas ng diesel at P7.74/litro sa gasolina

kasama na ang pagtaas bunsod ng deregulasyon ng langis.

Batid ng gubyerno ang labis na pahirap na idinulot ng TRAIN ngunit itinulak parin ito upang mapondohan ang programang Build, Build, Build (BBB) na nagsisilbi sa interes ng mga dayuhang korporasyon, kapitalista at panginoong maylupa. Ipinagkasundo ni Duterte ang kalakhan ng mga proyektong ito sa Tsina.

Iginigiit ng mga magsasaka at manggagawa sa agrikultura pagbasura sa TRAIN. **U**



ISSUE STAFF: BUTCH LOZANDE, ANGIE IPONG, GI ESTRADA, NADJA DE VERA, MARA MARASIGAN, BENNY MARASIGAN, LEVI FRANCISCO, APP KADUMA

PUBLISHED BY THE **UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA** (UMA Pilipinas - Federation of Agricultural Workers)
Mailing Address:
56 K-9th St., West Kamias, Quezon City, Philippines

For questions, comments, suggestions and contributions, contacts us at landline: **(+632) 799.2009**
email: **uma.pilipinas@gmail.com**
twitter: **@UMApilipinas**
Find **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura** on Facebook

KONSULTASYON SA AVA, INILUNSA

MATAGUMPAY na inilunsad ng UMA ang konsultasyon sa Mindanao tungkol sa epekto ng Agribusiness Venture Arrangements (AVA) noong Nobyembre 21-23 sa Davao City. Nilahukan ito ng mga lider at organisador ng mga magsasaka at manggagawa sa agrikultura mula sa Caraga, Northern Mindanao, SOCCSKSARGEN at Davao Region.

Inilahad ng UMA kung paano nakapagpalawak ng kontrol sa agrikultura ang mga dayuhang agrikorporasyon tulad ng Dole, Del Monte at Sumifru, gamit ang AVA sa ilalim ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program.

Ipinakita ng UMA ang epekto ng mga plantasyon at patuloy na paglawak nito sa pamamagitan ng AVA sa usapin ng karapatan sa lupa, seguridad sa pagkain, kultura at kalikasan.

Nagbahagi si Anakpawis Representative Casilao ng pakikibaka sa lehislatura para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Nagsalita naman ang dating Kalihim ng Department of Agrarian Reform at kasalukuyang Chairman Emeritus ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Rafael “Ka Paeng” Mariano, patungkol sa pambansang sitwasyon ng mga magsasaka at

manggagawa sa agrikultura.

Pinaghahandaan ng UMA ang Pambansang Kumperensya sa AVA sa darating na Marso. Sasabayan nito ang National Oil Palm Conference na isasagawa sa Butuan City bilang protesta sa pagtutulak ng gobyerno na palawakin ang mga plantasyon. Kamakailan ay nag-annunsiyo ang pamahalaan na papalawakin pa ang mga plantasyon nang higit sa isang milyong ektarya. Tinatayang nasa 1.2 milyong ektaryang lupa na ang sakop ng mga agrikorporasyon sa bansa. **U**

KATOTOHANAN SA DEMOCRATIC PEOPLE'S REPUBLIC OF KOREA

ni Angie Ipong

“Oh, the North Koreans, they are poor, very, very poor, they are terrorist and don't want peace!”

Ito ang ipinabaon sa akin ng isang kaibigang Americana bago kami umalis papuntang Democratic People's Republic of Korea (DPRK) kilala bilang North Korea. Mabuti at may pagkakataon akong makita at magkaroon ng personal na karanasan kasama ang iba pang delegasyon dadalo sa ika-70 anibersaryo ng pagkatatag ng DPRK.

Sa isang linggo ko sa DPRK, napatunayan namin na mali ang mga balita ng media at Amerika tungkol sa bansang ito.

Isang bansang tumitindig sa sarili, may dignidad at may malalim at solidong gagap sa kanilang kasaysayan. Mula't sapol nakatatag sa kanilang kamalayan, lalo na sa kabataan, ang kahandaan na bakahin ang imperyalismo at ang

kontra-rebolusyonaryong pwersa na hadlang sa kanilang pagnanais na maitayo ang sosyalismo. Meron silang matibay na hukbo na handang depensahan ang tagumpay ng rebolusyon.

Sa lungsod ng Pyongyang, at ibang kalungsuran at kanayunan na aming napuntahan, wala kami nakitang basurang nakakalat. Walang mga maralitang tagalungsod na nakatira sa mga estero at kalsada o mga taong nanglilimos.

Walang “traffic jam”. May daanan para sa mga bus at mahahabang “tranvia”, ibang daan para sa mga motor at bisikleta at ibang daan para sa pedestrian.

May libreng edukasyon mula kinder patungong kolehiyo, libreng pabahay, at iba pang serbisyo sosyal. May ispesyal na pagpapahalaga at pagsasanay sa mga bata.

Nakita namin ang mga matataas na pabahay ng mga manggagawa at magsasaka. Walang malalak-ing bahay o subdibisyong pang mayaman. Pantay-pantay ang lahat. Relatibong maunlad ang agrikultura at industriya pero gusto pa nilang paunlarin ito.

May mayamang kulturang inspirasyon ng sambayanan na magiging matatag at umaasa sa sarili. Makikita ito sa ibat-ibang pagtatanghal at parada. May disiplina sa oras at galaw na naka-ugat sa malalim na prinsipyo.

Malayo sa pagsasalarawan ng imperyalistang Estados Unidos ang nasaksihan ko. Tunay na napakalaking aral at hamon ang makukuha natin sa DPRK.

Pagpupugay sa sambayanan ng DPRK! **U**

10 DAHILAN NG PAGPAPATALSIK KAY DUTERTE

Sa relatibong maikling panahon ng panunungkulan ni Duterte, lubos nang nailantad ang mabangis, anti-demokratiko at anti-nasyunal na katangian ng rehimen.

Hindi na maikakaila ang kanyang labis na pagka-ulol sa kapangyarihan bilang punong kinatawan ng lokal na reaksyunaryong naghaharing uri at pangunahing papet ng imperyalistang US sa bansa. Ipinagpapatuloy at pinapalala ng rehimen Duterte ang masasamang patakaran at programang dikta ng mga imperyalistang pinangungunahan ng US at China. Patuloy at palala ang pagbuyangyang ng ekonomya sa mga dayuhang monopolyo para magsamantala sa anakpawis at sa likas na yaman ng bansa at para magkamal ng labis na tubo. Umaalin-gawngaw ang panawagan ng mga manggagawang agrikultural upang tuluyan nang patalsikin ang rehimen ito na rumururok na sa kabulukan. Narito ang sampung dahilan kung bakit dapat nang patalsikin si Duterte.

1. Kontra-Magsasaka

Kagaya ng nagdaang mga pangulo, malinaw na ginagamit ni Duterte ang poder para ipagtanggol at palawigin pa ang monopolyong pag-aari at kontrol ng iilang malaking panginoong maylupa, burgesya komprador at dayuhang agrikorporasyon sa milyun-milyong ekartaryang lupaing agrikultural sa bansa.

Ang kawalan ng tunay na programa sa reporma sa lupa, partikular ang libreng pamamahagi ng lupa, ay malinaw na pagprotekta ni Duterte sa interes ng mga lokal na naghaharing uri at mga dayuhang korporasyon.

2. Kontra-Manggagawa

Nanatiling mababa ang sahod ng mga manggagawang bukid na umaabot lamang sa P80-P150 sa mga asyenda at P100-P360 kada araw sa mga plantasyon. Nariyan din ang kawalan ng kasiguraduhan sa trabaho dahil sa hindi pagtupad sa ipinangako ng rehimen na pagsugpo sa ENDO o kontraktwalisasyon.

Nakakaranas ng mapanganib na kalagayan sa paggagwa ang mga manggagawa sa agrikultura dahil sa mga nakalalasong kemikal na ginagamit sa mga tubuhan at plantasyon. Pikit-mata ang mga ahen-sya ng gobyerno sa kalakarang ito upang makapagpatuloy ang mga

dayuhan sa pagnenegosyo sa bansa habang tumatanggap ng malalaking kick-back ang mga opisyal ng mga ahensyang ito. Pinapanatili ng gobyerno ang mababang pasahod, pagyurak sa mga demokratikong karapatang magtayo ng unyon at mag-welga.

3. Tumintinding atake sa kabuhayan at karapatan ng mamamayan

Kabi-kabila ang pagsusulong ng mga kontra-mamamayan, pasista at makadayuhang patakaran at batas gaya ng pekeng War on Drugs, TRAIN at BBB na higit na tatama sa mga mahihirap.

Patuloy ang Oplan Tokhang na pumaslang na sa higit 27,000 katao. Habang protektado nito ang pinakamalalaking druglord ng bansa gaya ni Peter Lim, Peter Co, at Kerwin Espinosa. Hinayaan din nitong makapasok sa bansa ang tone-toneladang ilegal na droga. Nanahimik ang rehimen Duterte sa pagkakasangkot ng kanyang anak na si Paolo Duterte at manugang na si Manases Carpio sa P6.4-bilyong smuggling ng ilegal na droga.

Kasabay nito, pumasok ang gobyerno sa mga bagong kasunduang pang-ekonomiya sa Tsina at nagparayang kamkamin ng Tsina ang mga isla sa West Philippine Sea.

4. Pagpaslang at Masaker sa Magsasaka



Sa pinakahuling datos ng KMP, 178 magsasaka na ang naging biktima ng EJK na resulta ng tumitinding militarisasyon sa kanayunan sa balangkas ng pasistang Oplan Kapayapaan ng rehimen Duterte. Dumanak ang dugo sa labing-apat (14) na masaker sa mga magsasaka at Lumad.

Kalakhan ng pamamaslang ay may kaugnayan sa pakikibaka ng mga magsasaka para sa karapatan sa lupa at kabuhayan. Walang interes ang gobyerno na panagutin ang mga may sala sa mga pagpaslang na siya mismo ang pasimuno.

5. *Martial Law sa Mindanao at buong bansa*

Inaprubahan ng Kongreso ang ekstensyon ng Martial Law sa buong Mindanao at hindi inalintana ang datos ng mga paglabag sa karapatang pantao dahil sa militarisasyon. Patuloy na nananalasa sa malawak na kanayunan ang mga pambobomba, pagpatay, pagdukot, gawa-gawang kaso at sapilitang pagpapasuko sa mga sibilyan.



Hindi maitatanggi ang pagsasailalim ng buong bansa sa de-facto Martial law. Ibinaba ang MO 32 na nagdadagdag ng pwersa ng militar sa Samar, Negros at rehiyon ng Bikol.

Kapansin pansin din ang pagtagala sa paparaming bilang ng dating mga opisyal-militar at berdugo sa burukrasyang sibil.

Ang National Internal Security Plan (NISP 2018) ay bahagi ng pasistang patakaran ng rehimen at imperyalistang U.S. Layunin nitong tugisin ang hanay ng makabayan at demokratikong kilusan ng mamamayan, paypayan ang pagkamuhi sa

mamamayang Moro, at patindihin pa nang ilang ulit ang pandarambong sa yaman ng Mindanao at ng buong bansa.

6. *Paglawak ng mga plantasyon*

Dahil sa huwad na CARP at CARPER, nalusutan ng mga asendero at mga dayuhang korporasyon ang pamamahagi ng lupa sa magsasaka. Nakipagsabwatan ang mga ito sa mga pambansang ahensya gaya ng DAR upang mapasailalim ang libu-libong ektarya ng lupa sa AVA.

Ang AVA ay ang mga makaisang-panig na kasunduan na nag-sasadlak sa mga maliliit na magsasaka sa kahirapan dahil naililipat ang tuwirang kontrol ng lupa sa mga malalaking asyendero at dayuhang agrikorporasyon upang tamnan ng mga pananim na pang-eksport. Inanunsyo ni Duterte ang pagbubukas ng bansa sa panibagong 1.6 milyong ektarya para sa ekspansyon ng mga plantasyon.

7. *Importasyon at taripikasyon*

Isinusulong ng gobyerno ang mga patakaran sa importasyon ng bigas, asukal at iba pang produktong agrikultural gaya ng isda, karne at gulay, na patuloy na nagpapaliit sa kita ng lokal na mga prodyuser. Patuloy ang pagprotekta nito sa malalaking kartel ng bigas, plantador at miller.

Imbes na magsulong ng komprehensibong programa sa pagpapaunlad sa pambansang produksyon ng palay, pagbibigay ng suportang serbisyo sa kanayunan, patuloy ang pagtalima ng gobyerno sa anti-magsasakang neoliberal na mga programa at patakarang idinidikta ng mga imperyalistang bansa.

8. *Charter Change (ChaCha)*

Ang paghahangad ni Duterte ng isang awtokratikong paghahari gaya ng diktadura ni Marcos, ang nasa likod ng ChaCha o ang pag-amy-

enda ng konstitusyon. Pinahihigpit nito ang impluwensya at kontrol sa tinatawag na super majority sa Kongreso sa pamamagitan ng panunuhol at pambabraso habang ginigipit at pinatatahimik ang mga itinuturing na kritiko at katunggali.

Tampok na nilalaman ng ChaCha ni Duterte ang pagbubukas ng 100% pag-aari ng mga dayuhang korporasyon sa bansa, pagtanggala sa repormang agraryo at pag-alis sa mga karapatang sibil ng mamamyan.

9. *Pambabastos sa kababaihan at mga institusyon at pagkriminalisa sa mga bata*

Makailang ulit na binastos, inunsulto at lantarang ipinag-utos ni Duterte ang karahasan sa mga kababaihan. Nariyan ang paghikayat nito sa mga kasundaluan na barilin sa puke o di kaya ay gahasain ang mga mahuhuling babaeng gerilya. Walang patumangga din nitong ipinahayag ang pagtingin sa kababaihan bilang *sexual objects* na tagabigay ng aliw sa kanya at sa mga kalalakihan.

Walang respeto nitong inatake ang paniniwala ng kalakhan ng mamamayan sa Simbahan. Ginipit ng gobyerno ang isang madreng matagal ng naglilingkod sa hanay ng anakpawis na si Sr. Patricia Fox. Inaatake rin ang mga taong Simbahan.

Niraratsada sa kongreso ang pagpasa ng Lower Minimum Age of Criminal Responsibility, layunin nito na pababain ang edad ng panagutang kriminal mula sa dating 15 taong gulang sa 12. Ang panukalang ito ay kontra-mahirap dahil karamihan sa mga batang nagkakasala sa batas ay nagmula sa pamilya ng mga dukha at hindi makakukuha ng serbisyong legal.

10. *Pagpapalaya sa mga mandarambong*

Sa halip na tuparin ni Duterte

>> PAHINA 7

NFSW TUTOL SA LIBERALISASYON NG INDUSTRIYA NG ASUKAL

Mariing tinututulan ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) ang panukala ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ng kanyang Budget Secretary na si Benjamin Diokno ang liberalisasyon sa industriya ng asukal pagkatapos na ipinatupad ito sa bigas.

Buladas ni Diokno—hindi na baleng mawala nang lubusan ang mga lumilikha ng asukal dahil higit na mas malaki ang bilang ng mga konsumer kaysa sa kanila.

Higit 700,000 ang bilang ng mga manggagawa sa tubuhan at 5 milyon ang nakadepende sa industriya ng asukal na mawawalan ng pagkakakitaan kung maipatupad ang maka-imperyalistang iskemang ito.

Sinagot ng pagkilos ng NFSW, KMP at Bayan-Negros ang panukalang ito. Maliban sa panawagan laban sa liberalisasyon, nanawagan din ang NFSW na imbestigahan at kasuhan ang mga trader na nagbebenta ng labis na halaga ng asukal. Bitbit din ang pagbasura ng Administrative Order (AO) No. 13 na gustong alisin ang tinatawag na non-tariff barriers para magbigay daan sa direktang importasyon ng mga industriya na nangangailangan ng asukal para ibaba ang kanilang gastos sa produksyon.

Sa ngayon, ang presyo ng asukal sa palengke ay mula P50-P60 kada kilo, o P2,500-P3,000 kada 50Lkg, kahit na ang presyo sa ilohan o mill gate price ay P1,500 per 50Lkg o P30 kada kilo lamang.

Malaki ang kita ng mga trader na nag-iimport ng asukal. P26 kada kilo ang halaga ng asukal mula Thailand, kaya doble ang kinikita nila dito kapag binenta sa lokal na palengke. Sa halos 200,000 tonelada ng asukal na inimport nung 2018, 50,000 tonelada dito ay para sa lokal na merkado.

Kabilang sa mga pinayagan ng Sugar Regulatory Administration (SRA) na mag-import ng asukal ay mga pag-aari ng mga banyang-kumpanya. Kasama na dito ay ang All Asian Countertrade Inc. na isang sangay (subsidiary) ng Sojitz Corporation na pag-aari ng mga Hapones.

Isa ay ang Sucden Philippines na pag-aari ng mga Pranses at ang

Pepsi-Cola Products Philippines Inc. na pag-aari ng mga Amerikano at ng Lotte Chilsung ng Korea. Ang mga kumpanyang ito ay hinayaang mag-import ng 31.43% ng asukal sa nakaraang taon.

Hindi kaila sa madla na karamihan ng manggagawa sa tubuhan ay kadusta-dusta ang kalagayan. Sa mga hacienda sa Negros, ang karaniwang sahod ng mga manggagawa sa tubuhan ay P80-P120 kada araw.


Karamihan sa lupang ipinamahagi ng DAR sa mga Agrarian Reform Beneficiaries (ARB) ay napa-aryendo na at naibalik na sa kontrol ng mga panginoong may lupa.

Pinaghahandaan ng NFSW

>> PAHINA 7



LARAWAN NI NONOY ESPINA, OKTUBRE, 2018.



**PULANG
PAGPUPUGAY
KAY
KA RANDY
MALAYAO
NDFP- PEACE
CONSULTANT**

10 DAHILAN << MULA SA PAHINA 5

ang pangakong wakasan ang kurapsyon, inabswelto ang mga politikong sangkot sa pork barrel scam gaya nina Revilla, Enrile at Estrada. Hinayaan nitong makapagpyansa si Imelda Marcos mapatunayan na guilty ito sa kasong kurapsyon.

Sampal sa mamamayan ang pag-abswelto kay Arroyo sa kasong electoral sabotage at plunder. Imbis na panagutin ang mga miyembro ng militar, kapulisan at bukrasya na sangkot sa kurapsyon, binigyan pa ito dagdag na badyet at kapangyarihan.

Desperado ang rehimeng Duterte na konsolidahin ang mga naghaharing-uri lalo pa't tumitindi ang pagkamuhi ng malawak na mamamayan sa kanyang pamumuno.

Ang sampung dahilan na ito ay malinaw na batayan ng mga magsasaka at manggagawa sa agrikultura upang magmulat, mag-organisa, magpakilos at makipagkaisa sa malawak na hanay ng masang anakpawis para igiit ang demokratikong karapatan at lubusang ihiwalay, labanan at tuluyang mapatalsik ang rehimeng US-Duterte. **U**

NFSW << MULA SA PAHINA 6

ang pakikipagkaisa sa iba't ibang grupo na tumututol sa liberalisasyon ng industriya ng asukal. Kaakibat nito ay pagplano pa ng mas malalaking pagkilos laban sa ganitong panukala.

Tinitiyak ng NFSW ang pakikibaka para sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa sa tubuhan at ang tunay na reporma sa lupa. **U**



KULTURA

PUMALAOT

Tula alay para kay Nanay Nieves ni Rae Rival

Pumalaot ang Nanay kagabi, di nadala ang lambat niya at walang pasabi. Tahimik na tahimik na naglayag, sumugod sa tiyan ng gabing kumakalam. Pati sombrero niya ay hindi nasuot, saglit lang siguro siyang papalaot.

Turo ng nanay na huwag magpapa-api sa dambuhalang dayuhang lumalamon ng mga isla at kakaunting huli. Siguro, nanaginip ang nanay.

Tumungo sa kadiliman na sagwan lang ang tangan.

Lumipas ang oras at araw, bangka niya ay hindi na nagbalik. Kaya naiwan ako sa dalampasigang inaalala ang bilin niyang laging tumindig.

Inalala ang yakap niyang kay higpit-higpit.

Inalala ang kamao niyang kuyom, laging tinataas bilang tugon sa pandarahas at pandudusta sa mga mangingisda't iba pang maralita.

Ang nanay Nieves ay pumalaot, Iniwan niya ang lambat at sombrero. Ipagpapatuloy ko ang Pamalakaya, Pulang pagpupugay sa kaniyang paglalayag!



KILOS-PROTESTA NG MGA MANGGAGAWA NG SUMIFRU SA DOLE-CENTRAL OFFICE INTRAMUROS, LARAWAN NI BERNI RAMOS DISYEMBRE 2018

LABAN NG MGA MANGGAGAWA NG SUMIFRU

Noong Oktubre 1, 2018, ikinasa ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farm-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (NAMASUFA-NAFLU-KMU) sa Compostela Valley ang welga laban sa Sumitomo Fruit Corporation (SUMIFRU), isang agrikorporasyon na nagbebenta ng saging at iba pang prutas. Iginigiit ng NAMASUFA na gawing regular ang mga manggagawa at makipagkasundo ang kompanya para sa Collective Bargaining Agreement.

Hindi pa rin sinasagot ng SUMIFRU ang mga obligasyon nito gayong nagpalabas ang Korte Suprema ng desiyon pabor sa NAMASUFA noong 2017. Matagumpay na naparalisa nito ang operasyon ng walong planta.

Ngunit noong Oktubre 6, nagpalabas ang Department of Labor and Employment ng Assumption of Jurisdiction para itigil ang welga.

Kasunod nito, marahas na binuwag ng sundalo, pulis at goons ang piket-layn. Pinaputukan, pinagbubugbog at inaresto ang mga manggagawa. Marami ang nasugatan. Kahit ang apat na buwan na buntis na si Robilina Limo ay pinagsisipa sa tiyan.

Noong Oktubre 31, pinatay si Danny Boy Bautista at pinagtangkaang patayin ang leader unyonista na si Jerry Alicante, parehong myembro ng unyon.

Noyembre 28, 350 manggagawa ang naglakbayan patungong Maynila upang isiwalalat sa pambansang antas ang kanilang kalagayan sa ilalim ng Martial law at panagutin ang Sumifru at DOLE sa pagsasamantala at panggigipit nito.

Habang nasa Maynila tuloy parin ang pananakot na ginagawa ng 66th IB ng AFP sa Compostela Valley. Sinunog at pinagbabaril ang bahay ni Paul John Dizon, presidente ng NAMASUFA, kung nasaan ang opisina

ng unyon.

Gayunpaman, nananatiling malakas ang pagkakaisa at diwang palaban ng mga unyonista. Hindi natitigil ang mga kilos protesta, pakikipag-alyansa at konsolidasyon sa hanay nito. Umani ng suporta ang pakikibaka ng NAMASUFA mula sa iba't ibang sektor sa loob at labas ng bansa. **U**

(Para sa karagdagang suportang materyal at pinansyal, makipag-ugnayan sa kmudavaoregion@gmail.com)

**SAHOD TRABAHO AT
KARAPATAN IPAGLABAN!
MANGGAGAWANG KONTRAKTUAL
GAWING REGULAR!**